Light Reading, Enero-Pebrero 2013 — Seattle City Light Pahayagan ng Kostumer

Mula sa superintendente

Ang Seattle City Light ay nagkaroon ng isang produktibong 2012, at masaya naming inaabangan ang isang dinamikong 2013.

Noong nakaraang taon, nagkabit kami ng 11,500 *light-emitting diode* (LED) na mga ilaw sa kalye. Nangangahulugan na humigit-kumulang dalawang-katlo (2/3) ng aming mga residensyal na kustomer ay may mga bagong ilaw na ngayon. Ang mga ito ay mas matipid sa enerhiya at mas tumatagal kaysa sa karaniwang ilaw. Kapag lahat ng mga LEDs ay naikakabit na, ang palingkurang-bayan ay makatitipid ng humigit-kumulang $3 milyon bawat taon.

Isa pang katuparan noong 2012 ay ang pag-apruba ng Konsehong Panlungsod ng Seattle ng aming anim-taong Stratehikong Plano. Ang Plano ay magbibigay-daan sa City Light upang gumawa ng mga kinakailangang pamumuhunan upang ang inyong elektrisidad ay magiging maaasahan at abot-kaya.

Upang masuportahan ang mga pagsulong na ito, magkakaroon ng pagtaas ng bayarin na humigit-kumulang 4.7 porsiyento simula Enero 2013. Ang karaniwang bayaring residensiyal ay tataas ng humigit-kumulang $2.93 bawat buwan.

Maaaring kayo ay kwalipikadong lumahok sa mga programang makatutulong sa mga tao upang makabayad ng kanilang mga bayarin sa palingkurang-bayan. Humanap ng pulyeto sa inyong Enero-Pebrero bill na nagpapaliwanag tungkol sa mga programang ito. O di-kaya'y direktang makipag-ugnay sa kanila:
- Ang **Electric Payment Assistance Program (Programang Pantulong para sa Pagbabayad ng Elektrisidad)** ay para sa mga kustomer na makatatanggap ng isang madalian o paunawa sa pagputol ng koneksiyon sa mga balanseng $250 o higit pa. May karagdagang impormasyon sa SCL_InforElia@seattle.gov o tumawag sa 206.684.3688.
- Ang **Project Share (Proyektong Pagbabahagi)** ay nag-aalok ng pang-emerhensiyang tulong para sa mga bayarin ng elektrisidad. May impormasyon sa www.seattle.gov/light/help/share o tumawag sa 206.684.3000.
- Ang **Budget billing** (Badyet na singil) ay kumukuha ang *average* na buwanang bayarin sa loob ng 12-buwan para sa mga kwalipikadong kustomer. May mga detalye sa www.seattle.gov/light/budget o tumawag 206.684.3000.
- Ang **ebilling** ay makatitipid sa mga selyo at sobre sa pamamagitan ng paggamit ng opsyon ng aming online elektronik na pagsisingil at pagbabayad. Dagdag pang detalye sa www.seattle.gov/light/accounts.

Magtipid upang makaipon ng pera at enerhiya nitong taglamig. Naririto ang isang listahan ng mga ideya kung paano makatipid:

- Itakda ang termostat sa 68 digri kapag nasa bahay, 55 digri (o patay) sa gabi at kapag wala sa bahay. Bababa ang inyong bayarin ng 2-5 porsyento sa bawat digri na ibinababa ang termostat.
- Tapalan ang mga butas at biyak, maglapat ng *weather-stripping* sa palibot ng mga panlabas na pintuan.
- Palitan ang mga panala ng pugon, i-*vacuum* ang alikabok mula sa mga pampaiinit na yunit.
- Maligo nang mas mabilis, at itakda ang termostat ng mga *water-heater* sa hindi hihigit sa 120 digri.
- Gumamit ng malamig na tubig sa *cycle* ng paglalaba at pagbabanlaw. Patakbuhin nang may ganap na kargada ng mga damit ang *washer, dryer, dishwasher*.
- Gumamit ng mga *compact fluorescent* na bumbilya ng ilaw (CFLs). Gumagamit sila ng 75 porsyentong mas kaunting kuryente at tumatagal nang 10 beses kaysa sa bumbilyang *incandescent.*
- I-*recycle* ang inyong pangalawa, mas lumang refrigerator at magtipid ng hanggang sa $150 bawat taon sa inyong bayarin sa kuryente. Tumawag sa 233-COLD upang maipahatak ito nang libre at kumita ng $30
- Magluto gamit ang *microwave*, pugon na *toaster*, o *slow cooker*. Gumagamit sila ng kalahating dami ng kuryente kumpara sa isang pugon.
- Malamig ba o mabugso sa inyong bahay? May libreng *weatherization* ng mga tahanan para sa mga kwalipikadong residente. Upang makita kung kwalipikado kayo, tumawag sa 206.684.0244 o pumunta sa www.seattle.gov/housing/homewise.

Online na impormasyon para sa inyo

Ang *website* ng City Light ay may balitang maaari ninyong magagamit:

- subaybayan ang mga *outage* ng kuryente sa aming mapa ng *outage;*
- sundan ang balitang City Light sa *Facebook, Twitter,* at aming *Power Lines* na *blog;*
- kontakin ang mga kinatawan sa pag-aalaga ng kostumer gamit ang ugnayang "Tell Seattle City Light", at iba pa sa www.seattle.gov/light.

Kaligtasan muna

Kung makakita kayo ng mga linya ng kuryente sa lupa, laging ipagpalagay na ang mga ito ay mapanganib at huwag lapitan. Tumawag sa 911 upang mag-ulat ng anumang mga linya ng kuryenteng nasa lupa.